
9

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2:

## Panitikang Asyano -
## Nobela Ng Indonesia/Pilipinas



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Panitikang Asyano: Nobela Ng Indonesia/ Pilipinas**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Almera M. Carido

**Editor:** Almera M. Carido, Ellen Duka- Tatel

**Tagasuri:** Anita D. Subebe EMD, Susan S. Bellido

**Tagaguhit:** Jennifer S. Ontolan, Swelyn E. Forro

**Tagalapat:** Marvin D. Barrientos

**Tagapamahala:** Dr. Isabelita M. Borres, CESO III
Eugenio B. Penales, Ed. D.
Sonia D. Gonzales
Ma. Liza R. Tabilon EdD, CESO V
Lilia E. Abello, EdD
Evelyn C. Labad

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region IX**
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

9

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2:

# Panitikang Asyano -

## Nobela ng Indonesia/Pilipinas

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Filipino 9** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Panitikang Asyano-Nobela Ng Pilipinas/Indonesia!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang. at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy. upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinagtagumpayan ang pansarili, panlipunan, at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto ng mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis, at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Filipino 9** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Panitikang Asyano-Nobela Ng Indonesia/Pilipinas!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang mga sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Maligayang pagdating sa ikalawang modyul, kaibigan! Ako ay nagagalak na natapos mo ang unang modyul. Napakagaling! Narito akong muli, si Kokoy, ang iyong kaibigan na makasasama mo sa iyong paglalakbay.



Sinimulan natin ang ating unang aralin sa paglalakbay sa Timog-Silangang Asya. Ang una nating tinalakay ay ang kuwentong makabanghay mula sa Singapore na may pamagat na “Ang Ama”. Isinalin ito sa Filipino ni Mauro R. Avena. Nagustuhan mo ba ito?


Aba! Oo naman. Sabay nating pinag-aralan ang ilan sa kanilang mga panitikan na may malaking impluwensiya rin sa uri ng panitikan na mayroon tayo ngayon. Tinalakay rin natin ang mga kataga o pahayag na ginagamit sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o *Transitional Devices.*

Ngayon naman, handa ka na bang mamangha sa bago nating aralin? Alam kong sabik ka ng kilalanin at alamin ang mga nobelang pinamagatang “Takipsilim” at “Timawa”. Pamilyar ba ito sa iyo? Ang nobelang ito ay may iba’t ibang layunin at mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay ng opinyon.


Lalakbayin natin ang Indonesia upang alamin ang kanilang mga nobela maging dito sa ating bansa.

Pagkatapos ng ating paglalakbay inaaasahan ko na ikaw ay:

1. Nakapagbibigay ng sariling interpretasyon sa mga pahiwatig na ginamit sa akda;
2. Nauuri mo ang mga tiyak na bahagi sa akda na nagpapakita ng katotohanan, kabutihan at kagandahan batay sa napakinggang bahagi ng nobela;
3. Nasusuri mo ang tunggaliang tao vs. sarili sa binasang nobela;
4. Naisusulat mo ang isang pangyayari na nagpapakita ng tunggaliang tao laban sa sarili;
5. Nagagamit mo ang mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay-opinyon (sa tingin/akala/ pahayag ko, at iba pa); at
6. Nasusuri mo ang pinanood na teleseryeng Asyano batay sa itinakdang pamantayan.



# *Subukin*






**Panuto**: Basahin at unawain nang mabuti ang sumusunod na mga pahayag. Sagutin ang bawat tanong sa pamamagitan ng pagpili ng tamang letra. Isulat sa sagutang papel ang iyong mga sagot.

1. Nagsimulang maglampaso ng <u>baldosa</u> si Bill. Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit?
   A. lababo  C. bintana
   B. sahig  D. balkonahe

2. Tuwing pista ng kanilang bayan, ang lahat ng magsasaka ay pumaparoon sa malaking bahay ng may-ari ng lupa at tumutulong sa karaniwang malaking handaan. Anong gawain ang sumasalamin sa ginawa ng mga magsasaka?
   A. kaugalian
   B. isang gawain na hindi maiiwasan
   C. gawain na ipinagmamalaki ng isang magsasaka
   D. gawain na nakapagpapasaya ng taga-nayon

3. Walang katarungan sa mundong ito. Hindi binibigyan ng pagkakataong manatiling tapat ang mga taong gustong maging tapat. Anong damdamin ang nangibabaw sa pahayag?
   A. galit  C. nalulungkot
   B. nagsisi  D. nasisiyahan

4. "Kahit huwad ang mga korporasyong itatayo natin, meron pa ring pagkakagastusan tulad ng buwis, mga sertipiko, at marami pang iba.
   A. kabutihan
   B. katotohanan
   C. kagandahan
   D. opinyon

5. <u>Sa tingin ko,</u> nakababahala na ang pagtaas ng bilang ng mga namamatay sa virus na COVID19 sa Metro Cebu. Ano ang ipinahihiwatig ng salitang sinalungguhitan?
   A. katotohanan
   B. opinyon
   C. pahayag lamang
   D. pag-aalala

6. “Sa kalkulasyon ng ating partido, kailangan ang mahigit kumulang na tatlong milyon para manalo sa darating na eleksiyon.”
   A. katotohanan
   B. kabutihan
   C. kagandahan
   D. kawalang-bahala

7. Bakit kaya marami pa sa mga kababayan natin ang hindi tumitigil sa paninigarilyo kahit puspusang ipinapaalam ng WHO na ito ay nakamamatay?
   A. Walang pakialam at matigas ang ulo
   B. Masarap kasi
   C. Naging buhay na rin namin ang paninigarilyo, magkasakit kami kapag ihihinto namin ang paninigarilyo.
   D. Walang eksaktong “information campaign” laban sa masamang dulot ng paninigarilyo.

8. Dumating na <u>humahangos</u> si Bill. Ano ang kahulugan ng salitang sinalungguhitan?
   A. humihingal
   B. tumatakbo
   C. nagmamadali
   D. kumaripas

9. Hindi <u>mataho</u> ni Alice ang tunay na pagkatao ni Andy. Ano ang kahulugan ng salitang sinalungguhitan?
   A. maunawaan
   B. mahulaan
   C. magustuhan
   D. mabasa

10. Mula sa nobelang “Takipsilim Sa Dyakarta”, alin sa mga pangyayari rito ang mauuri bilang tao laban sa sarili?
   A. “Gusto mo bang maging masama ako gaya ng iba?”, sigaw ni Sugeng. Pabalik-balik sa kaniyang pandinig ang sigaw niyang iyon.
   B. “Baka walang pera”, naisaloob ni Dahlia.
   C. Nadama ni Hasnah ang katapatan sa kaniyang pagsasalita
   D. Nagtama ang kanilang mga tingin at kapwa sila napangiti.

| Aralin 1 | **Panitikan: Timawa - Nobela ng Pilipinas**<br>**Takipsilim Sa Dyakarta-Nobela ng Indonesia**<br>**Gramatika/Retorika: Pahayag na ginagamit sa Pagbibigay ng Opinyon** |
|---|---|

**PANIMULA**



Magaling! Alam kong nasagutan mo nang tama ang bahaging subukin, at natitiyak kong magiging makulay pa ang ating paglalakbay sa mahiwagang panitikan ng Pilipinas at Indonesia.

Susubukin din nating galugarin ang mundo ng nobela nina **Agustin Fabian** at **Mochtar Lubis** na pinamagatang Timawa (Unang kabanata) at Takipsilim sa Diyakarta na parehong sinalin sa Filipino ni **Aurora E. Batnag**

Pagkukuwentuhan din natin ang mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay-opinyon.



## *Balikan*

Balikan muna natin ang ating nakaraang paglalakbay. Naalala mo pa ba ang huli nating pinag-usapan?

Tumpak! Tungkol sa kuwentong makabanghay na may pamagat na "Ang Ama" na nagmula sa Singapore, na isinalin sa Filipino ni Mauro R. Avena. Ito ay nakatuon sa suliraning kinakaharap ng isang ama sa pamilya at kung paano ito naka-apekto sa sikolohiya ng mga anak.

Pinag-usapan din natin ang iba't ibang kataga na ginamit sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o *transitional devices* na higit na makatutulong sa pag-unawa sa kuwento.

**Panuto:** Sumulat ka ng isang maikling talata na naglalaman ng 3 mahahalagang pangyayari sa kuwentong "Ang Ama". Gamitin mo ang angkop na transitional devices.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

## *Tuklasin*

Handa ka na ba sa susunod na gawain?

Halika na! Basahin na natin ang nobelang **"Takipsilim sa Dyakarta"** na isinulat ni **Mochtar Lubis** at isinalin naman sa Filipino ni **Aurora E. Batnag**.



Tuklasin mo, kaibigan kung paano binigyan ng interpretasyon ang mga pahiwatig na ginamit ng may-akda at kung paano ipinapakita ang katotohanan, kabutihan, at kagandahan ng nobela.

**TAKIPSILIM SA DYAKARTA**
Indonesia
*ni Mochtar Lubis*
(Salin ni Aurora E. Batnag)

ISINARA ni Raden Kaslan, director ng Bumi Aju Corporation at miyembro ng Indonesian Party, ang pinto ng kanyang opisina sa bahay at bumaling sa kanyang bisita, si Huslin Limbara, tagapangulo ng Indonesian Party.

"Hayan", sabi niya, "wala nang makaririnig ng usapan natin. Maupo ka."

Naupo si Husin Limbara sa isang silyon na kulay tsokolate na gawa sa balat, sumandal, saka nagsabing,

"Aray, masakit pa rin ang balikat ko. Wala pa ring doctor ang nakapagpagaling nito."

Kinuha ni Raden Kaslan ang kahon ng tabako sa kanyang mesa at may sinabing pakikiramay sa sakit sa balikat ni Husin Limbara. Kumuha ang bisita ng isang '555' na sinindihan ni Raden Kaslan sa kanyang pilak na layter na gawa ng Jogja Silverworks.

Humithit nang malalim si Husin Limbara, marahang nagbuga ng usok habang matamang nakatingin sa mukha ni Raden Kaslan. Saglit na hindi mapalagay si Raden Kaslan sa pagkakatingin sa kanya, ngunit iwinaksi niya ang pag-aalala matapos makapag-isip: kailangan na naman ng partido ng pera, at sa pagkakataong ito, hindi na siya nag-abot ng hihigit pa sa isa o dalawang libong rupiah. Gumaan ang kanyang pakiramdam nang mabuo ang ganitong pasya. Sinabi niya kay Huslin Limbara.

"Ano ba'ng atin?" Parang napaka-importante at napakabigat ng problema noong magkausap tayo sa telepono."

May bahagyang ungol na umayos ng upo si Husin Limbara bago marahang nagsabi,

“Isang mahalagang desisyon ang binuo ng lupong tagapagpaganap. Gaya ng alam mo na, malapit na naman ang eleksiyon. Kailangan ng ating partido ng maraming pera. Kailangan magtayo tayo ng organisasyong pangkalakalan para makalikom ng malaking pera. Sa lahat, ikaw ang napili para maghanda ng plano dahil mahaba na ang karanasan mo sa negosyo. Gusto naming maghanda ka ng malawakang plano, nasasaklaw sa lahat ng gawaing pang-ekonomiya. Huwag kang mag-alala tungkol sa pera mo. Hindi natin intensyong magnegosyo. Pero kung magiging pangmatagalan ang ilang kasunduan, mas mabuti may tagubilin na sa mga miyembrong may mataas na puwesto para suportahan ang mga gawain ng partido. Anong palagay mo?”

Pinagmasdan ni Raden Kaslan si Husin Limbara. Nakabalita na siya tungkol sa plano ng partido na lumikom ng pondo; matagal niyang hinintay na maimbitahan siyang sumali sa paglikom na ito. Nakapasok na ang pangalan niya sa mga piling miyembro, ngunit hinihingi pa rin niya ang suporta ng mga kaibigan niyang miyembro ng konseho para makasiguro at nagkagasta na siya ng ilang libong *rupiah* para rito.

“Kung susuporta ang mga miyembro ng partido na nasa puwesto, walang problema.” Sabi ni Raden Kaslan. “Sa lahat ng sektor ng ekonomiya, pinakamadaling hingan ng pera ang mga nag-*iimport*. Ang ibang sektor ay hihingi pa ng palugit na panahon, hihingi ng organisasyon, ng tauhan – tulad ng transportasyon, eksport o industriya – pero walang hinihinging ano man ang mga nag-*iimport*.”

“Ang kakailanganin lamang ay pangalan ng isang korporasyon, ‘yon lang. Ibebenta lang namin ang mga makukuha naming lisensiya sa pag-*import*. Maghanda tayo ng dalawang plano. Ang isa’y para sa mabilisang resulta, sa pamamagitan ng mga nag-*iimport*. Ang isa pa, na pangmatagalan, ay para sa pagbubukas ng mga bangko, industriya, at iba.”

“A, hindi nagkamali ang marami sa pagsasabing eksperto si Raden Kaslan sa ekonomiya,” natatawang sabi ni Husin Limbara.

“Madali lang ‘yon,” sabi ni Raden Kaslan. “Handang bumili ng lisensiya ang mga *importer*, lalo na kung para sa mga ordinaryong bagay na kailangang bilhin ng tao, kahit patungan natin ng dos siyentos porsiyento. Kaya, halimbawang sandaang libong *rupiah* ang halaga ng bawat lisensiya, mabebenta ang mga ito ng tatlong daang libong *rupiah*. Kikita tayo ng buong-buong tatlong daang libong rupiah nang walang puhunan kahit sampera.”

“Okey!” sabi ni Husin Limbara at natutuwang tinapik ang mesa. “Sa kalkulasyon ng ating partido, kailangan natin ng hindi kukulangin sa tatlong milyon para manalo sa darating na eleksiyon. Palagay mo ba, kaya nating likumin ito sa loob ng anim na buwan?”

Sandaling di kumibo si Raden Kaslan habang nagkukuwenta.

“Walang problema” sabi niya.

“Okey,” ulit ni Husin Limbara. “Ikaw na’ng bahalang maghanda ng plano.”

“Pero may isa pang bagay na kailangang ayusin,” sabi ni Raden Kaslan. “Ilang porsiyento ang mapupunta sa partido, at ilan sa mga gagamiting taong magpapatupad ng plano? May peligro ‘to kahit pa’no, kaya …”

“A, tungkol sa peligro, bahala ang mga ministro natin.”

“Hindi iyon ang sinasabi ko.” Mahinang sabi ni Raden Kaslan.

“Kahit huwad ang mga korporasyong itatayo natin, meron pa rin pagkakagastuhan, tulad ng buwis, mga sertipiko, at marami pang iba.”

“Ano ang marapat sa opinyon mo, Bung Raden Kaslan?”

“Okey na ang tigsisingkwenta porsiyento, singkuwenta sa partido at singkuwenta sa mga taong gagamitin natin ang pangalan.”

“Di ba sobra naman yata ‘yan?” nagsususpetsang tanong ni Husin Limbara.

“Bakit naman sobra? Sigurado namang makukuha ng partido ang kuwarta sa loob ng anim na buwan,” tugon ni Raden Kaslan.

“Bung Raden Kaslan, alam mo naman, siyempre, na kailangang lihim na lihim ito,” sabi ni Husin Limbara.

“Siyempre pa! Magiging maingat na maingat ako. ‘Ba, hindi ba nakataya rin ang reputasyon ko?”

Tumayo si Husin Limbara, bahagyang yumuko upang di sumakit ang balikat, humakbang patungong pinto, bago nagtanong kay Raden Kaslan,

“Kailan mo kaya madadala sa akin ang plano?”

“Sa loob ng isang linggo,” sagot ni Raden Kaslan.

“Sige, isang linggo. Tawagan mo na lang ako.”

Sa beranda sa harapan, nakita nila si Fatma na nakaupo at nagbabasa, at sa harap ng piyano sa sulok ay naroon si Suryono, parang tinatamad na humihimig ng ilang tono.

“Aalis na ba kayo?” tanong ni Fatma. “Hindi ba muna kayo iinom ng kahit ano?”

“Salamat. Saka na lang. Sobrang dami ng trabaho.”

“Suryono, halika rito sandali. Ito si Park Husin Limbara, tagapangulo ng Indonesian Party. Ito ang anak kong si Suryono. Kararating lang niya mula sa ibang bansa. Sa Ministri ng Ugnayang Panlabas siya pumapasok.”

“Kumusta, hijo? Miyembro ka na rin ba ng partido?” tanong ni Husin Limbara habang kinakamayan si Suryono.

“Tama na ho ang isa sa partido – si Bapak na lang,” sagot ni Saryono.

Malakas silang nagtawanan. Pagkaraan, inihatid ni Raden Kaslan si Husin Limbara sa kotse ng huli na nakaparada sa bakuran.

Nang bumalik sa bahay si Raden Kaslan, isinara niya ang pinto, pinagkiskis ang mga kamay, at pinaglipat ang tingin kina Saryono at Fatma. Pagkaraan, tumawa siya nang malakas.

“Pasok na tayo!” bulalas niya sa wikang Dutch. “Ayos na tayo,” dugtong pa. Naupo si Raden Kaslan sa tabi ni Fatma, saka pinalapit si Saryono at nagsalitang parang may ibubunyag na lihim.

“Sikreto ito, atin-atin lang. Malaking pagkakakuwartahan ito!”

At mabilis niyang ipinaliwanag sa asawa’t anak ang mga plano sa paglikom ng pera para sa partido.

Matapos magpaliwanag, sinabi ni Raden Kaslan, “Balak kong magtayo ng iba’t ibang korporasyon, at ilalagay ko si Fatma, at ikaw, Saryono, na direktor ng mga ito. At sa bawat korporasyon. Kahati tayo sa tubo, kaya sa hatian, mapapasakamay natin ang pinakamalaking kita.”

“A, hindi ako puwede,” sagot ni Suryono. “Empleyado ako ng gobyerno.”

“Walang problema, magbitiw ka o magbakasyon nang matagal. Sasabihin ko sa partido. Maaayos natin ‘yan.”

Matagal na nag-usap ang tatlo at marami silang nabuong plano. May kung anong naramdaman si Suryono, na minsan ma'y di niya inaakalang mararamdaman, ang galak sa pagkakaroon ng pagkakataong makahawak ng ganoong kalaking pera.

"A," sabi niya, "bakit nga hindi?" Nagpasya na akong gusto ko 'yon. 'Pag nagsawa ako, di magbabago ako ng isip, iba naman ang gugustuhin ko."

Nang matapos silang mag-usap, nakumbinse na ni Saryono ang sarili na walang masama sa kanilang gagawin.

Ganyan din naman ang ginawa ng ibang partido, naisip niya. Bakit hindi rin ako gumawa ng gayon?

Nakahiga si Pak Idjo sa madilim na kuwarto sa kanyang dampa. Mula nang bumangga ang kanyang kalesa sa kotse, nilagnat na siya at hindi na nakabangon. Laging sumasakit ang kanyang mga pigsa, at bawat sandali'y bumubulong siya, "*La illa haillallah – la illa haillallah*", kasabay ng mga daing; wala siyang kinakain at humihingi lamang ng tubig na maiinom.

Kapag mataas na mataas ang kanyang lagnat, nagdidiliryo siya at sumisigaw, "Naku, sasagasaan ako ng kotse. Maawa po kayo sa matandang kabayo. Saklolo!"

Halos magkasakit na rin si Ibu Idjo, ang asawa ni Pak Idjo, sa pag-aalaga sa kanyang asawa.

"Ang kabayo?" tanong ni Pak Idjo na nag-aalala.

"Bahala si Amat. Naghahanap nga siya ng damo."

"Sampung taon na si Amat. Pahanapin mo na siya ng trabaho," sabi ni Pak Idjo.

"Sayang nga at napakabata pa niya. Kung hindi'y pwede ng siya ang maglabas ng kalesa," sabi ng babae.

"Oo nga, puwede lang siya sa mga magagaang trabaho. Sabihin mong kahit anong trabaho. May pera pa ba tayo?"

"Nagbayad na sa kuwarto sina Saimun at Itam. May natira pang kaunti."

"Tipirin mo. Hindi natin alam kung kailan ako gagaling."

Lumabas si Ibu Idjo at tinawag si Amat.

"Mat, sabi ng tatay mo, maghanap ka na raw ng trabaho para makatulong. May sakit pa si tatay."

Malalim ang iniisip ni Sugeng habang nakasalampak sa silya. Ninenerbiyos siya at namumutla. Nagkukulong si Hasnah, ang kanyang asawa sa kuwarto.

Nag-away na naman sila. Iyon pa ring dati. Ang tungkol sa paglipat ng bahay. Umaalingawngaw pa sa kanyang tainga ang mga tili ni Hasnah. "Puro pangakong napako. Buwan-buwan, pangako. Malaki na'ng tiyan ko. Malapit na 'kong manganak. Gusto mong gumawa ng bata, hindi mo naman mabigyan ng disenteng tirahan. Patayin mo na lang ang batang 'to!"

Hindi nagtagal ang kanilang galak sa pagkakataas ng puwesto ni Sugeng. Ang bagong puwesto ni Sugeng ay naghatid ng bagong pag-asang magkakabahay na sila, ngunit wala pa ring nangyari.

"Gusto mo bang maging masama ako, gaya ng iba?" sigaw ni Sugeng. Pabalik-balik sa kanyang pandinig ang sigaw niyang iyon.

Allah, sa loob-loob niya, nilalabanan ko nang husto ang lahat ng tukso. Pero kung kailangan mabigyan ng buhay si Hasnah, at pagpapakasama lamang ang tanging paraan para makuha ang buhay na ‘yon, sige, magiging masama na rin ako. Para kay Hasnah, para sa kanyang isisilang, para sa beybi ko.

Nangalumbaba siya.

Walang katarungan sa mundong ito. Hindi binibigyan ng pagkakataong manatiling tapat ang mga taong gustong maging tapat. Isang munting bahay, iyon lang, at hindi na kailangang isugal pa ang karangalan. Hindi, ayoko, ayoko. Eh ano kung magalit si Hasnah, hamo siya! Pero alam niya, susuko rin siya sa gusto ni Hasnah. Hindi niya kayang makipag-away kay Hasnah bawat minuto tungkol sa bahay.

Tumayo siya at nagtuloy sa kuwarto, sa kamang kinahihigaan ng umiiyak pang si Hasnah. Niyakap ni Sugeng ang asawa at bumulong, “*Sorry*, Has, ako’ng mali. Pero pangako, ngayon ay totoo na. Magkakabahay na tayo.”

Nadama ni Hasnah ang katapatan sa kanyang pagsasalita kaya yumakap din ito sa asawa. Matagal silang nagyakap.

Naglalakad si Dahlia sa harap ng mga tindahan sa Pasar Baru. Hindi na niya mabilang kung ilang tindahan na ang napasok niya. Sa bawat tindahan, tinitingnan niya ang lahat ng paninda ngunit wala pa siyang nabibili. Nawawalan na siya ng pag-asa. Kamuntik na sana sa isang tindahan. Habang tumitingin siya ng tela, nakatabi niya ang isang lalaki na mukhang mapera. Tinapunan niya ang lalaki ng mapang-akit na sulyap at nakita niya ang sagot sa mga mata nito. Pero hindi malaman ni Dahlia kung bakit hindi kumagat ang lalaki sa kanyang pasimula, at habang kunwari’y nakikipagtawaran si Dahlia, biglang lumabas ang lalaki.

Baka walang pera, naisaloob ni Dahlia.

Hindi nagtagal at lumabas na rin si Dahlia. Tinitingnan siya ng halos lahat ng lalaking nagdaraan, ngunit ni isa ma’y walang naakit sa kanya. Mabagal na naglakad si Dahlia, pahintu-hinto sa bawat bintana para ayusin ang sarili at tumingin sa mga panindang nakadispley, habang abala sa mga iniisip. Dalawang linggong wala ang kanyang asawa, at dalawang lingo siyang mapag-iisa, at libre.

Walang ano-ano, nagulat siya at napatili nang mabangga ng isang lalaki na nagsabing,

“Sori, Donya, hindi ko kayo napansin.”

Nang tingnan ni Dahlia ang nagsalita, ang nakita niya ay isang kabataang lalaki, ismarteng magdamit, at may dalang pakete. Nagtama ang kanilang mga tingin at kapwa sila napangiti.

“Ihahatid na kita,” walang pag-aalinlangang sabi ng lalaki.

“Salamat, kung hindi makaaabala …”

“Hindi naman. Hayun lang ang kotse ko sa kabilang kalye.” Hinawakan ng lalaki si Dahlia sa siko, tumawid sila at lumapit sa isang Dodge sedan

Binuksan ng lalaki ang unahang pinto para kay Dahlia bago ito naupo sa harap ng manibela. Matapos paandarin ang kotse, tiningnan nito si Dahlia at natatawang nagsabi,

“Teka, hindi pa nga pala tayo magkakilala. Ako si Suryono.”

“Ako si Dahlia.” Napangiting sagot ng babae.

“Kaygandang pangalan, singganda ng bulaklak na dahlia ang may-ari,” gumigiring sabi ni Suryono.

“Bola!” sagot ni Dahlia. “Hindi ka ba nagtatrabaho? Pa’no ka nakapamimili sa katanghalian?”

“Pumapasok ako sa Ministri ng Ugnayang Panlabas pero nagbabakasyon ako nang matagal. Nagnenegosyo muna. Sa Import N.V. Timur Besar ang opisina ko sa lunsod.”

Paglampas sa Pasar Beru Street tumuloy ang kotse papuntang Gunung Sahari Avenue. “Kung hindi ka nagmamadali, mamasyal muna tayo sa Tandjong Priok,” sagot ni Suryono. “Nagmamadali ka ba, Dahlia?” tanong ni Suryono.

“Bakit mo naman naitanong?” tugon ni Dahlia.

“Nasa probinsiya ang asawa ko. Dalawang lingo siyang mawawala. Pareho lang, magmadali man ako o hindi.”

“Okey, ah, eh di mamasyal muna tayo. Negosyante rin ba ang mister mo?”

“Ay, naku, kung negosyante siya, ‘di laking tuwa ko sana.” Sagot ni Dahlia. “Empleyado siya sa gobyerno, mataas na opisyal sa P.P. & K. Napakahirap maging empleyado ng gobyerno ngayon. Alam mo na siguro, Tuan, kasya lang sa sanlinggong gastos ang sambuwang suweldo.”

“Totoo ‘yan,” ayon si Suryono. “Hangal na lang ang magkakagustong magtrabaho sa gobyerno sa panahong ito. Pero kung marunong siya, makakaraos din kung tatanggap ng suhol.”

“Yan na nga ang lagi kong sinasabi sa mister ko. Pero sabi niya, kung magiging masama ang lahat ng opisyal ng gobyerno, saan patutungo ang bayan natin? Sa kapahamakan.”

“Pambihira ang mister mo,” sagot ni Suryono. “Masyadong mabait. Hindi niya nakikita ang katotohanan sa mundong ito – na ang matapat ang siya pang napapahamak. Ang iba’y sumisige lang.”

“Ayaw niyang tanggapin na ganyan ang kalakaran.”

Nang maparaan sila sa *electric power station* sa Antjol, hinawakan ni Suryono ang kamay ni Dahlia.

“Kay lambot ng kamay mo. At kay ganda mo, bagay na bagay sa iyo’ng pangalan mo. Napakaganda mo.”

“Bola,” sabi ni Dahlia na malanding sumulyap kay Suryono.

“Bakit pa tayo pupunta sa Priok, di ba mas mainam kung ihatid na lang kita sa inyo, wala rin lang ang mister mo?”

“Sa bahay? Huwag,” tugon ni Dahlia. “Hindi puwede! Dadalawa ang kuwarto roon. Baka may makakita.”

“Sa hotel na lang sa lunsod?” tanong ni Suryono.


“Takot ako sa hotel,” sabi ni Dahlia. “Hindi pa ‘ko nakapapasok sa hotel.”

“Ow, totoo?”

“Totoo. Doon na lang tayo sa bahay ni *Tante* Bep sa Petodjo.”

Iniliko ni Suryono ang kotse pabalik sa Dyakarta.

*Walang katarungan sa mundong ito. Hindi binibigyan ng pagkakataong manatiling tapat ang mga taong gustong maging tapat. Isang munting bahay, iyon lang, at hindi na kailangang isugal pa ang karangalan. Hindi, ayoko, ayoko, E, ano kung magalit si Hasnah, hamo siya! Pero alam niya, susuko rin siya sa gusto ni Hasnah. Hindi niya kayang makipag-away kay Hasnah bawat minuto tungkol sa bahay.*



# *Suriin*



Salamat kaibigan sa matiyaga mong pagbabasa. Nalaman mo ngayon ang tungkol sa isang akda mula sa Indonesia.

Isagawa mo ang sumusunod na mga gawain na alam kong makatutulong sa iyo.


Halika! Simulan mo na kaibigan. Alam kong matiyaga ka. Kaya mo ito!

**Gawain. Ipaliwanag ang mga sumusunod na pahayag mula sa akda.**

1. "Gaya ng alam mo na, malapit na naman ang eleksiyon. Kailangan ng ating partido ng maraming pera. Kailangang magtayo tayo ng organisasyong pangkalakalan para makalikom ng malaking pera,"

2. "Allah", sa loob-loob niya. Nilalabanan ko nang husto ang lahat ng tukso. Pero kung kailangang mabigyan ng buhay si Hasnah, at pagpapakasama lamang ang tanging paraan para makuha ang buhay na 'yon, sige, magiging masama na rin ako. Para kay Hasnah, para sa kanyang isisilang, para sa beybi ko."

3. "Hangal na lang ang magkakagustong magtrabaho sa gobyerno sa panahong ito. Pero kung marunong siya, makakaraos din kung tatanggap ng suhol."



# *Pagyamanin*



Wow! Ang husay mo kaibigan. Naipaliwanag mo ang ilang pahayag mula sa akda!

Ngayon naman, ibigay mo ang bentahe at disbentahe ng dalawang nagtutunggaliang ideolohiyang pinaksa sa binasa mo.

Sundin mo ang talahanayan sa ibaba.

**Gawain:** Punan mo ang talahanayan batay sa hinihinging impormasyon.

| IDEOLOHIYA | KABUTIHAN/BENTAHE | KASAMAAN/ DISBENTAHE |
|---|---|---|
| **Demokrasya** | | |
| **Komunismo** | | |



# *Isaisip*



Binabati kita, kaibigan! Lalo mong pinaghuhusayan ang iyong mga Gawain!

Ngayon naman, pagkukuwentuhan natin ang tungkol sa pagkilala sa mga pahayag kung ang mga ito ay katotohanan o opinyon.

Tara! Basahin mo ang teksto sa ibaba.

**Wika at Gramatika**

## PAGKILALA SA KATOTOHANAN AT OPINYON

Ang **katotohanan** ay isang pahayag na nagsasaad ng ideya o pangyayaring napatunayan at tanggap ng lahat na totoo at hindi mapapasubalian kahit sa ibang lugar. Hindi ito nagbabago at maaaring tiyakin ang pagkamakatotohanan nito sa ibang sanggunian tulad ng mga babasahin at mga taong nakasaksi nito.

Ang **opinyon** naman ay isang pananaw ng isang tao o pangkat na maaaring totoo pero puwedeng pasubalian ng iba. Ito rin ay isang paniniwala na mas malakas pa sa impresyon ngunit mas mahina sa positibong kaalaman na batay sa obserbasyon at eksperimento.

Sa madaling salita, ang katotohanan ay mga pahayag na maaaring mapatunayan ng mga ebidensya samantalang ang opinyon ay mga pahayag na batay sa sariling paniniwala lamang.

Tandaan, bagamat ito'y isang paniniwala o punto ng sumulat lamang, mainam na ang paghabi ng opinyon ay nakasalig sa kanyang karanasan at/o mga nabasang prinsipyo o kaisipan.

Sa pagpapahayag ng katotohanan at opinyon, maaaring gumamit ng mga sumusunod na pananda:

**A. Katotohanan** – *batay sa resulta, pinatutunayan ni, mula kay, sang-ayon sa, tinutukoy ng, mababasa sa …*

**B. Opinyon** – *sa aking palagay, sa tingin ko, sa nakikita ko, sa pakiwari ko, kung ako ang tatanungin, para sa akin, sa ganang akin*

- **Positibong Opinyon** – *totoo, tunay, talaga, ganoon nga, mangyari pa, sadya*
- **Negatibong Opinyon** – *ngunit, subalit, habang, samantala*

Salamat sa iyong pagbasa. Ngayon ay subukin mong isagawa ang kasunod na pagsasanay. Basahin mo muna ang isang teksto.

Halika at simulan na natin!



**Mauubos ang Tao Dahil sa Paninigarilyo**

Limang milyong tao ang namamatay taon-taon dahil sa sakit na nakukuha sa paninigarilyo. Sa loob lamang ng limang taon, 30 milyon ang namamatay. At kung hindi maihihinto ng *smokers* ang masamang bisyo, maaaring mauubos ang mga tao sa mundo. Nakakikilabot na ang pagkaubos ng sangkatauhan ay dahil lamang sa bisyo. Karaniwang ang mga sakit na *emphysema*, sakit sa puso, at *bronchitis* ay nakukuha sa paninigarilyo. Ang ganitong problema ay hindi naman dapat ipagwalang-bahala kaya kailangang paigtingin ng pamahalaan ang kampanya laban sa paninigarilyo. Magkaroon ng mga makabuluhang *information campaign* laban sa masamang dulot ng paninigarilyo.

Ayon sa report, 10 porsiyento ang nagagastos ng pamahalaan dahil sa mga sakit na nakukuha sa paninigarilyo. Ibig sabihin, nasasayang ang pera sapagkat napupunta lamang para sa pagpapaospital ng mga sugapa sa sigarilyo. Malaking halaga na sana ito kung maiipon at magagamit para sa iba pang serbisyo sa mamamayan. Ang ganda kung wala ng gagastusin para sa pagpapagamot ng mga sakit na nakukuha sa paninigarilyo.

Ngayong Hunyo ang "No Smoking Month" at maganda sana kung ngayon na rin uumpisahan ang pagsasagawa ng mga hakbang para matulungan ang mga sugapa na bumitaw na sa masamang bisyo. Ngayon na rin magpanukala ang mga mambabatas ng mga gawaing pagbabago sa mga pakete ng sigarilyo para ganap naming maipabatid sa *smokers* ang masamang dulot ng paninigarilyo.

Sa ibang bansa, halimbawa sa Thailand, ipinasusunod na ang paglalagay ng mga litrato ng sakit na nakukuha sa paninigarilyo. Halimbawa ay ang sakit na tinubuan ng bukol sa lalamunan, sugat sa dila, butas sa pisngi, at iba pang nakaririmarim na sakit. Kapag ang mga litratong ito ay nakita ng *smokers*, baka hindi na sila maninigarilyo at tuluyan nang iwan ang nakamamatay na bisyo.

Isa ring paraan na posibleng gawin para maitigil ang paninigarilyo lalo ng mga kabataan ay ang paghihigpit sa pagbebenta ng sigarilyo sa mga ito. Agad na dakpin ang may-ari ng establisiyimento, tindahan at pati *vendors* na magbebenta ng yosi sa kabataan.



Ang kasunod na pagsasanay ay makatutulong sa 'yo sa pagtukoy sa mga pahayag kung ito ay opinyon o katotohanan.

Isulat sa nakalaang patlang kung **OPINYON** o **KATOTOHANAN** ang sumusunod na pahayag.

____________________ 1. Humihingi ng bayad ang ibang bumbero bago patayin ang sunog.

____________________ 2. May mga taong ang gagawin ay magsilbi ng kapwa.

____________________ 3. Walang basurerong yumayaman.

____________________ 4. Ang mga magsasaka ang gumagawa ng ating kinakaing mga bigas.

____________________ 5. Sa initan nagtatanim ang mga magsasaka.


____________________ 6. May nanghihila sa ilog na iyon kung kaya't marami ang namamatay at nalulunod sa tuwing maliligo.

____________________ 7. Ang babae lang ang dapat na gumawa ng gawaing bahay.

____________________ 8. Matigas ang bato.

____________________ 9. Sang-ayon kay nanay, bagay sa akin ang maging guro paglaki ko.

____________________ 10. Mas gusto ko ang kapatid na babae kaysa sa lalaki.



## *Isagawa*



**Wow!** Ang husay mo. Napatunayan mo na kayang-kaya mong tukuyin ang mga pahayag na na nagsasaad ng opinyon at katotohanan.

Ngayon kaibigan, basahin naman natin ang bahagi ng isang nobela mula sa mahal nating bansa na pinamagatang *"Timawa"* (Unang Kabanata) ni Agustin Fabian.

Kaunting tiyaga pa at makakamit mo na ang tiyak na tagumpay sa iyong paglalakbay.

Tara!

**TIMAWA (Unang Kabanata)**

Pilipinas

*ni Agustin Fabian*

SABADO NOON AT MAG-IIKAPITO NG GABI. Si Andrea Talon, na isang mahirap na estudyante, ay kasalukuyang naghuhugas ng mga pinggang kinainan sa *ladies' dormitory*, sa isang unibersidad sa Amerika. Ito lamang ang paraan upang makapagpatuloy siya ng pag-aaral sa kolehiyo ng medisina. Nakatali sa kanyang baywang ang isang tapi at nakalilis ang mga manggas ng kanyang kamisadentro. Nangingintab sa pawis ang kaniyang kayumangging mukha. Ang bula ng sabong nakabalot sa kanyang mga matipunong bisig ay umabot sa siko.

Mabilis ang kaniyang paggawa at wala siyang aksayang kilos. Mahihinuha na lubhang sanay si Andres sa gawaing ito.

"Mukhang tapos kana, Andy? Ngayon lamang ako nakakita ng ganyan kabilis magtrabaho," basag ni Alice na siyang tagapangasiwa sa mga gawain sa kusina ng dormitoryo.

"Lalo na kung napupuri lalo akong bumibilis," nakatawang sagot ni Andres.

"Wala na naman yata si Bill?" tanong ni Alice na lumapit sa Pilipino at nagsimulang tumulong dito.

Si Bill ay katulong ni Andres sa paglilinis ng mga kasangkapan sa kusina. Maluwat nang magkaibigan sina Bill at Andres.

Dumating na humahangos si Bill. Lagi nang humahangos ito. Inihagis ang sombrero sa sabitan at naghubad ng amerikana.

"Giliw," birong bati niya kay Alice, "isabit mo na lamang ang aking amerikana. Inaabala mo si Andy."

Nakatawang isinabit ni Alice ang damit ni Bill. Kumuha ng isang tapi at ibinigay sa binatang Amerikano.

"Isuot mo iyan. Iyon lang yata ang pantalon mong mahusay."

Nagsimulang maglampaso ng baldosa si Bill at binalikan naman ni Alice ang pagtulong kay Andres.

"Saan ka ba naging dalubhasa sa mga gawain sa kusina?" tanong ni Alice kay Andres.

"Sabihin mo nga, Andy," udyok ni Bill.

"Ang simula ay sa amin. Ako ang tagahugas ng pinggan. Hindi mahirap iyon. Iilan lamang naman ang aming pinggan," nakatawang simula ni Andres. "At madalas na itinataob ko na lamang ang mga pinggan nang di hugas."

"Nagkakahawig pala ng kalokohan maging ang mga batang Amerikano o Pilipino," ani ni Alice.

At isinalaysay ni Andres na palagay ang loob niya sa kusina. Labing-anim na taon siya nang mamatay ang kaniyang ama at lubusang maulila. Katatapos lamang niya ng intermedya. May kamag-anak naman siyang kusinero sa isang bapor na nagyayao't dito sa Amerika at sa Pilipinas. Sumama siya.

"At anim na buwang singkad akong tagapagmasahe ng mga pinggan, kubyertos at mga lutuan sa bapor. Kaya hindi kayo dapat magtaka na ako'y eksperto sa mga gawaing iyan," tapos ni Andres.

"Usisera ka rin lamang, Alice," ang biro naman ni Bill, "ang mabuti, itanong mo okay Andres kung anu-ano ang naging karanasan niya rito sa Amerika."

"Sige nga," sang-ayon kapagdaka ni Alice. "Linggo rin lamang bukas. Hindi baleng tayo't mapuyat,"

"Alam ninyo," ani Andres na nagpapahid na ng kamay, "ako ay may pagkahampaslupa."

"Teka, teka," hadlang ni Bill. "Ilalabas ko muna itong basura. Ibig kong marinig uli iyan."

Nang bumalik si Bill ay nakaupo na sina Alice at Andres. Bumatak siya ng isang silya at nakiumpok sa dalawa.

"Ngayon, simulan mo na," sabi ni Bill na humilig mabuti sa kaniyang upuan.

"Saan ninyo ako gustong magsimula?"

"Nang dumating ka rito sa Amerika," tugon ni Alice.

Sa San Francisco bumaba si Andres at ang paghuhugas ng pinggan ang unang naging hanap-buhay. Naging manggagawa sa iba't ibang bayan ng California. Namitas ng mansanas sa Oregon at Washington, at dalanghita sa Florida. Lalo raw siyang umitim sa taniman ng kamatis, letsugas, repolyo, at iba pang mga gulay. Naging serbidor sa mga restawran. Naging utusan. Naglingkod sa salmunan sa Alaska. Nagpatag ng bato sa daang-tren sa Nevada.

"Alin sa mga karanasan mo ang bumago sa takbo ng iyong buhay?", tanong ng dalagang Amerikana.

Hindi kaagad tumugon si Andres. Tila tinitimbang niya sa marami niyang karanasan ang pinakatampok. Ang totoo ay nag-aalangan si Andres na sariwain pa ang malungkot na bahagi ng kaniyang buhay.

"Halimbawa," untag ni Alice, "bakit mo naisipan ang mag-aral? Bakit mo iniwan ang paglalagalag?"

"Hindi nangyari sa Amerika ang karanasang bumago sa takbo ng aking buhay," sa wakas ay sinabi ni Andres. "Doon sa amin sa Pilipinas nangyari ito."

"Paano?" sabad ni Bill.

"Magsasaka ang aking ama. May kaugalian sa amin," patuloy ni Andres. "Kung pista ng bayan, ang lahat ng magsasaka ay pumaparoon sa malaking bahay ng may-ari ng lupa at tumutulong sa karaniwang malaking handaan doon. Nagsisipagsaing, nagsisibak ng panggatong, nagpapatay ng manok, baboy, kambing at baka. Sabihin pa, ang lahat ng tumutulong ay doon kakain."

"At isang pista nga ay isinama ako ng aking ama upang tumulong sa may-ari ng lupang aming sinasaka. May labintatlong gulang ako. Nang nagkakainan na ang mga nanunulungan ay dumating ang donyang asawa ng aming kasama, at pinagmumura ang mga nagsisikain. Hindi pa raw natatapos ang mga panauhin sa itaas ay inuuna na raw namin ang aming mga bituka. Lubha raw kaming mga timawa."

“Hindi ko kaagad naunawaan ang aking narinig,” patuloy ni Andres. “Noong papauwi na lamang kami at sabihin sa akin ni Amang ang kaniyang pagdaramdam, noon ko lamang lubos na naunawaan ang kahulugan ng salitang timawa.”

“Sinabi sa akin ni Ama na pagbutihin ko ang aking pag-aaral upang huwag kong sapitin ang kaapihang ganoon. Kung ako raw ay lalaking magsasaka at hindi akin ang sasakahing lupa, ay ganoon din ang aking kapalaran. Aalimurain ng mayaman. Ang isang timawa, ay higit na pangit kaysa gutom. Ang timawa raw ay kahalintulad ng isang aso. Sagpang nang sagpang. Huwag daw akong mag-aksaya ng panahon. Gagawin niyang lahat ang kaniyang makakaya upang matuto.”

“Kay buti ng iyong ama,” ani ni Alice.

“Halos ang gabi ay ginagawa niyang araw,” dugtong pa ni Andres. “Ibig niyang makaipon. Ang adhika niya ay maging isang manggagamot ako.”

Huminto muna si Andres sa kaniyang pagsasalaysay. Nakatingin siya sa malayo na waring nakikitang muli ang kaniyang ama. At pagkatapos ng ilang sandali ay nagpatuloy na naman sa pagsasalita.

“At nang ako ay nakatapos sa intermedya ay gayon na lamang ang galak niya. Ngunit ang humalili sa kagalakang iyan ay malagim na kalungkutan. Si Ama’y inabutan ng ulan isang tanghaling siya ay nagbubungkal ng lupa. Nagkasakit siya. Pulmonya. At… at … namatay.”

Dinampi ni Alice sa kaniyang mata ang hawak niyang panyolito. Tumindig si Bill. Lumapit kay Andres at pinisil ang balikat ng kaibigang Pilipino.

“Maupo ka, Bill,” sabi ni Andres. “Hindi pa ako natatapos.”

Naupong muli si Bill, at muling nagsimula si Andres.

“Naubos na lahat,” aniya, “ang kaunting naiipon ni Ama. Ulila na akong lubos ay wala pa ni isang sentimo. Subalit isinumpa ko sa aking sarili, sa harap ng bangkay ng aking ama, na ako ay pilit na mag-aaral, at ako ay magiging manggagamot. Hahanapin kong pilit ang tagumpay na siyang adhika niyang maging akin.”

Maluwat ding walang umimik matapos ang pagsasalaysay ni Andres. Nadama ni Bill at ni Alice ang malaking kalungkutan ni Andres. Sa wakas ay nagsalita si Alice.

“Nauunawaan na kita,” aniya.

“Lalong nauunawaan kita ngayon,” pakli ni Bill.

“Bakit? Ako ba ay naging hiwaga sa inyo?”, tanong ni Andres at wala na sa kaniyang titig ang pagdaramdam at kalungkutan.

“Oo, isang hiwaga ka sa akin,” tugon ni Alice. “Alam kong ikaw ay isang mabuting tao. Masipag ka. Matalino. Magalang. Ngunit tila ayaw mong makihalubilo sa iba. Tila ayaw mong ikaw ay maabala. Ibinubukod mo ang iyong sarili. Tila may lihim kang lakad at ang lahat ng nasa paligid mo’y makaaabala sa iyo.”

“Napapansin ko nga,” tudyo naman ni Bill, “na maluwat mo nang sinusubaybayan si Andy.”

“Ano ang masama riyan?” tanong ng dalaga. “Maluwat na nating kasama si Andy. Waring malayo siya. Gayong kay lapit ay kay layo. Mayroon ba namang gayong araw-araw ay nakakabungguang-balikat ay di mo matawag na kapalagayang-loob?”

“Lumalabas pa yatang malaking tao ako?” tanong ng Pilipino.

“O kaya’y dungo naman,” sundot ni Bill.

"Hindi malaking tao o dungo ang ibig kong sabihin," paliwanag ni Alice. "May anyo si Andy na nag-uudyok sa nagmamalas na mataho kung ano siya, pinipigil ang nagmamalas na iyan naman ng isang hindi maunawaang kilos ni Andy. Tila hindi mahalaga kay Andy ang magkaroon ng maraming kapalagayang-loob."

"Pinalalaki mo ang loob ko, Alice," dampot ni Andres. "Diyata't ako ang pinag-aaksayahan mo ng kuro-kuro?"

"Hindi biro. Lagi kong naitatanong sa aking sarili kung bakit ipinupukol mo ang iyong sarili sa karamihan."

"Ang karanasan ang nagturo sa akin niyan. Ang madalas na mauntog ay natututong yumuko."

"Naku, lumalalim ang salitaan at hindi bumababaw," hadlang ni Bill. "Ang totoo, Andy, ay ito: walang alinlangang nararating mo ang iyong patutunguhan. Ngunit mag-aliw-aliw ka naman. Mag-iibayo ang sigla mo kung sanda-sandali man lamang ay ilalayo mo ang iyong ilong sa iyong libro. Maaari ba namang ang isang malusog na gaya mo ay hindi makaakit ng mga dalaga? Hayan si Alice …

"Bakit ba si Alice ang binubuwisit mo?" hadlang ni Andres. "Kahit na sa biruan ay may hangganan."

"Tigilan mo na si Andy," pakli ng dalaga. "At huwag mo naman akong ipag-ukulan. Ano ang malay mo kung si Andy mayroon ng itinatangi," at tumawa si Alice.

"May itinatangi si Andy?" pamanghang sabi ni Bill. "Walang maitatago sa akin iyan. Iyan ang tinatawag na nauuhaw at ayaw maki-inom."

"At kung tanggihan ng nakiki-inom?" tanong ni Andres.

"Natatakot kang tanggihan kung ganoon. E, paano malalaman kung tatanggihan ka o kung hindi?" nakatawang tanong ni Alice.

Tumindig na bigla si Andres. "Hating gabi na, Bill," aniya. "Mapupuyat na lubha si Alice."

"Hayan ang sinasabi ko," pakutyang pakli ni Bill, "ang magaling na kaibigan kong Pilipino ay takbuhin. Ngayon pa lamang sumasarap ang usapan," tudyo niya, "ay saka pa tatalilis. Tayo na. Walang mangyayari sa akin kung ang manok ko ay takbuhin." Naunang lumabas si Bill. Nagsuot si Andres ng kaniyang amerikana at sumunod sa kaibigan.

Inihatid siya ni Alice hanggang sa pintuang may kadiliman noon dahil sa bahagya nang abutin ng liwanag ng ilaw.

"Aalis na kami, Alice. At maraming salamat sa iyong kapalayang-loob," paalam ni Andres. "Hindi pangkaraniwang gabi ito sa akin."

Naramdaman na lamang ni Andres ang halik ni Alice sa kanyang pisngi.



Salamat muli sa pagbasa, mahal kong kaibigan!

Ngayon, bilugan mo ang kasingkahulugan ng salitang nakasalungguhit sa loob ng bawat pangungusap.

1. Dumating na humahangos si Bill.

   humihingal    tumatakbo    nagmamadali

2. Nagsimulang maglampaso ng baldosa si Bill.

   sahig    bintana    lababo

3. Maluwat nang magkaibigan sina Andres at Bill.

   matalik    matagal    matapat

4. Bumatak siya ng silya at nakiumpok sa dalawa.

   humila    nag-ayos    nagbanat

5. Hindi mataho ni Alice ang tunay na pagkatao ni Andy.

   maunawaan    mahulaan    magustuhan



Basahin at unawain mo ang kasunod na teksto na nagpapaliwanag tungkol sa tunggalian.

***Alam mo ba na …***

ang tunggalian ay isang elemento ng maikling kwento. Tumutukoy ito sa problemang kinakaharap ng pangunahing tauhan. Ito ang humuhubog sa katauhan ng pangunahing tauhan.


**Mga Uri ng Tunggalian**

*Panloob na Tunggalian*

1. **Tao laban sa Sarili -** Ito ay isang uri ng tunggalian na panloob dahil nangyayari ito sa loob ng tauhan. Sa tunggalian na ito ay kalaban ng pangunahing tauhan ang kaniyang sarili. Nakikita o napapansin ito kapag ang pangunahing tauhan ay nahihirapan sa pagdedesisyon, sa tama ba o mali.

*Panlabas na Tunggalian*

2. **Tao laban sa Tao -** Ito ang pinakaunang halimbawa ng panlabas na tunggalian. Sa tunggaliang ito, ang kalaban ng pangunahing tauhan ay isa pang tauhan. Ito ang klasikong bida laban sa kontrabida na eksena.
3. **Tao laban sa Kalikasan -** Sa tunggalian naman na ito, ang pangunahing tauhan ay naapektuhan ng mga pwersa ng kalikasan. *Halimbawa*, ang biglaang pagputok ng bulkan na maaaring maglagay sa pangunahing tauhan sa panganib.
4. **Tao laban sa Lipunan -** Ang pangunahing tauhan sa tunggaliang ito ay nakikipagbanggaan sa lipunan. *Halimbawa* nito ang pagsuway sa mga alituntunin ng lipunan o di kaya ay ang pagtakwil sa kultura ng lipunan.



## Pagsasanay 1

Tukuyin mo mula sa binasa mong bahagi ng nobelang **Timawa** ang mga pangyayaring nagpapakita ng iba't ibang tunggalian.

1. **Tao laban sa Sarili**

   ____________________________________________

2. **Tao laban sa Tao**

   ____________________________________________

3. **Tao laban sa Kalikasan**


   ____________________________________________

4. **Tao laban sa Lipunan**

   ____________________________________________

## Pagsasanay 2

Ipaliwanag ang posisyon ng mga tauhan sa tatsulok at iugnay ito sa katayuan nila sa nabasang akda.




________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

**Pagsasanay 3**

Bigyan mo ng reaksyon ang sumusunod na mga sitwasyon.

1. Ano ang gagawin mo kung sinabi ng magulang mo na hindi ka na nila kayang pag-aralin pa dahil sa hirap ng inyong buhay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Aminin man natin o hindi, madalas ay hinuhusgahan natin ang ating kapwa sa kanilang panlabas na kaanyuan. Ano ang mararamdaman o gagawin mo kung tawagin ka ng ibang tao na "timawa"?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



# *Tayahin*

Sa wakas, Kaibigan! Malapit mo nang makamit ang tagumpay sa iyong paglalakbay. Kaunting sandal na lamang.

Ngayon pa lang ay binabati na kita!



**Panuto**: Basahin at unawain mo nang mabuti ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga karanasan ang bumago sa takbo ng buhay ni Andres?
   A. Yaong tagapamasahe ng mga pinggan
   B. Namitas ng mansanas sa Oregon at Washington
   C. Naging serbidor sa mga restawran.
   D. Nang tumulong ang mag-ama sa karaniwang malaking handaan sa pista ng bayan, nang sila'y naunang kumain kaysa mga bisita kung saan pinagmumura ang mga nagsisikain, lubha silang timawa.

2. "Gusto mo bang maging masama ako? gaya ng iba. Sigaw ni Sugeng "Pabalik-balik sa kaniyang pandinig ang sigaw niyang iyon. Anong uri ng tunggalian ang pahayag?
   A. Tao laban sa tao
   B. Tao laban sa sarili
   C. Tao laban sa kalikasan
   D. Tao laban sa lipunan

3. Ang babae lang ang dapat na gumawa ng gawaing-bahay. Ano ang pahayag na ito?

A. opinyon
C. ekspresyon
B. katotohanan
D. mensahe

4. Alin sa mga pahayag sa ibaba ang katotohanan?

A. Mabait ang bata.
B. Mas gusto kong magkaroon ng kapatid na babae kaysa lalaki.
C. Ang mga pulitiko ay nasisilaw sa kapangyarihan.
D. Ang babae lang ang dapat gumagawa ng gawaing-bahay

5. Ano ang naging adhikain ng ama ni Andres sa nobelang "Timawa"?

A. maging enhinyero
B. maging guro
C. maging manggagamot
D. maging piloto

6. Batay sa resulta umabot na sa 6 milyong katao ang nahawaan ng corona virus pandemic sa buong mundo. Ang pahayag ay isang---

A. Opinyon
B. Katotohanan
C. Walang katotohanan
D. Kasinungalingan

7. Kung ikaw ang nasa katayuan ni Andres, ipagpapatuloy mo pa ba ang plano ng iyong magulang kahit nararanasan mo na ang sobrang paghihirap?

A. Gagawin ko, dahil iyan ang gusto ng aking tatay
B. Gagawin ko, dahil buhay ko ito
C. Gagawin ko dahil nakita at naramdaman ko ang pagpupursigi ni tatay. Kahit siya'y nahihirapan ay ginagawa niya lahat ang kaniyang makakaya alang-alang sa aking magandang kinabukasan.
D. Gagawin ko para sa hindi siya mabibigo

8. Paano nakatutulong ang mga pahayag sa katotohanan sa isang pangyayari?

A. nakapagdaragdag ng impormasyon
B. mga pahayag na maaaring maging tulong bilang mga ebidensiya
C. mga pahayag batay sa sariling paniniwala lamang
D. nakapagpapaisip sa mga taong nakakakita sa mga pangyayari

9. Aminin natin na minsan o madalas ay nakagagawa tayo ng paghuhusga sa ating kapwa. Ano ang iyong gagawin kung tawagin ka ng iyong kapwa na isang “Timawa”?
   A. hindi ko papansinin
   B. pababayaan ko lang sila
   C. masasaktan
   D. gawin kong inspirasyon at maging positibo sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay

## *Karagdagang Gawain*



**Wow!** Ang aking taus-pusong pagbati sa iyo, mahal kong kaibigan. Pinatunayan mo ang iyong kasipagan sa ating paglalakbay.

Bilang karagdagang gawain, manood ka ng isang paborito mong teleserye.

Magtala ka ng 2 pangyayari na nagpapakita ng tunggaliang **Tao laban sa Sarili** at 2 pangyayaring nagpapakita ng tunggaliang **Tao laban sa Tao.** Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

Gawing gabay ang talahanayan sa ibaba.

| **PAMAGAT NG TELESERYE** | |
|---|---|
| **Pangyayari (Tao laban sa Sarili)** | **Pangyayari (Tao laban sa Tao)** |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |

## *Susi sa Pagwawasto*

**TAYAHIN**

1. D
2. B
3. A
4. A
5. C
6. B
7. C
8. B
9. D

**SUBUKIN**

1. B
2. A
3. A
4. B
5. B
6. A
7. D
8. A
9. A
10. A

# *Sanggunian*

**A. Mga Aklat**

Panitikang Asyano 9, Unang Edisyon 2014, muling limbag 2016, 2017 ISBN 978-621-402-034-8

**B. Internet**

Fabian, Agustin. *Timawa.* Accessed in June 2020. https://www.scribd.com/doc/26836624/TIMAWA-NI-Agustin-Fabian

Lubis, Mochtar. *Takipsilim sa Djakarta.* Accessed in June 2020. https://books.google.com.ph/books/about/Takipsilim_sa_Djakarta.html?id=lulsAAAAlAAJ

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph